WHAT SHAPES US

# Ikalawang Pagdating

WEEK 5

## WARM-UP

- Mahilig ka ba sa mga surpresa? Bakit oo o bakit hindi?
- Ikaw ba ang tipo ng taong pupunta agad sa pinakahuling bahagi ng libro o pelikula para malaman kung paano magtatapos ang kwento? Bakit oo o bakit hindi?
- Sa palagay mo, bakit maraming tao ang nahuhumaling sa mga kwento tungkol sa "mga huling araw," at ginagamit itong tema sa mga libro, pelikula, at serye sa telebisyon?

## WORD

[6]*Minsan nang nagtitipon sila, tinanong nila si Jesus,*
*"Panginoon, ito na po ba ang panahon na ibabalik*
*ninyo ang kaharian ng Israel?"* [7]*Sumagot si Jesus, "Hindi*
*pinahihintulutan ng Ama na malaman ninyo kung kailan*
*mangyayari ang mga bagay na itinakda niya.* [8]*Ngunit*
*pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya*
*kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga*
*bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa*
*buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."*

**MGA GAWA 1:6–8**

Ang mga huling araw at ang Ikalawang Pagdating ni Jesus ay nagdudulot ng kontrobersiya, pagkabalisa, at takot sa mga tao. Sinusubukang hulaan ng iba kung kailan mangyayari ang mga ito o inaabangan ang darating na paghatol. Pinag-iisipan ng mga disipulo kung ang muling pagkabuhay ba ni Jesus ay nangangahulugang papalayain na Niya ang Israel mula sa mga mananakop nito. Pero ipinakita sa kanila ni Jesus ang mas malaking realidad—ang plano at kaharian ng Diyos ay mas malaki pa sa anumang plano at kaharian ng kahit na sino. Sa panahon ngayon, patuloy pa rin ang pagbibigay ni Jesus ng paalala: na hindi tayo dapat mabahala sa mga detalye ng Kanyang pagbabalik o ang katuparan ng planong kaligtasan ng Diyos, kundi ay maging tapat tayo sa iniuutos Niya sa atin. Tingnan natin ang dalawang katotohanan tungkol sa katuparan ng pangako ni Jesus na Siya ay babalik nang may kapangyarihan at kaluwalhatian.

## 1 Babalik si Jesus upang ganap na maisakatuparan ang Kanyang kaharian.

*Minsan nang nagtitipon sila, tinanong nila si Jesus, "Panginoon, ito na po ba ang panahon na ibabalik ninyo ang kaharian ng Israel?"*

**MGA GAWA 1:6**

(Basahin din ang **1 CORINTO 15:50–58.**)

Sa buong panahong kasama Niya ang Kanyang mga disipulo, may mga sinasabi si Jesus tungkol sa panahong ibabalik ng Diyos ang Kanyang nilikha sa dati at darating ang Anak ng Tao para hatulan ang mga buhay at patay at itatatag ang Kanyang kaharian (1 Corinto 15:50–52). Inakala nila na ang muling pagkabuhay ni Jesus ay katuparan na rin ng pagpapanumbalik na binanggit Niya. Totoo ngang darating si Jesus para ipanumbalik ang mundo, pero gagawin Niya ito ayon sa mga plano at sa panahong itinakda ng Ama sa pamamagitan ng sarili Niyang awtoridad. Dahil dito, makakapamuhay tayo nang may pag-asa, sa halip na pagkabalisa at takot. Alam nating ibabalik ng Diyos sa dati ang Kanyang nilikha at gagawin Niya tayong bago sa pagbabalik ni Jesus. Ano pa ang mga pwede nating asahan sa pagbabalik ni Cristo (1 Corinto 15:55–58)?

## 2 Babalik si Jesus nang may pisikal na katawan sa oras na itinakda ng Ama na Siya lamang ang nakakaalam.

*[7]Sumagot si Jesus, "Hindi pinahihintulutan ng Ama na malaman ninyo kung kailan mangyayari ang mga bagay na itinakda niya." . . . [11]at nagsabi, "Kayong mga taga-Galilea, bakit nakatayo pa kayo rito at nakatingala sa langit? Si Jesus na inyong nakita na dinala paitaas ay babalik dito sa mundo. At kung paano siya pumaitaas, ganyan din ang kanyang pagbalik."* **MGA GAWA 1:7, 11**

Ayon sa ilang tao, may mga palatandaang nagsasabi na tayo ay nasa mga huling araw na habang sinusubukan nilang kalkulahin kung kailan babalik si Jesus. Hindi man natin alam kung kailan ang eksaktong pagbabalik Niya, nakakatiyak tayong babalik Siya sa mundo kung paano Siya pumaitaas sa langit—nakikita, personal, at pisikal. Habang tayo ay naghihintay, hindi natin dapat isipin ang "kailan," kundi ang pamumuhay ayon sa mga plano at layunin ng Diyos para sa atin. Kasama rito ang pagsunod sa pinakamahalagang utos ng Diyos na mahalin Siya nang higit sa lahat at mahalin ang isa't isa, at ang Dakilang Utos na maging saksi Niya sa buong mundo. Habang naghihintay tayo nang may pag-asa, maaari nating anyayahan ang iba na maghintay din at manalig kay Cristo sa pamamagitan ng pagbahagi ng ebanghelyo. Bakit mas mahalaga na sundin ang Diyos at mamuhay nang katulad ni Cristo kaysa ang alamin kung kailan ang eksaktong pagbabalik ni Jesus (1 Tesalonica 5:1–2, 9–11)?

## APPLICATION

- Ano ang mga kaisipang pinaniniwalaan mo tungkol sa Muling Pagbabalik ni Jesus na kailangang magbago ayon sa mga natutunan mo ngayon? Kumausap ng isang kakilala at hilingin sa kanya na samahan ka sa paglalakbay na ito.
- Ano ang una mong pananaw tungkol sa Muling Pagbabalik? Papaano ka lalago at mamumuhay nang may pag-asa, ngayong alam mong babalik si Jesus nang may kapangyarihan at kaluwalhatian?
- Paano magbabago ang pamumuhay at pakikitungo mo sa iba batay sa pinag-usapan natin ngayon? Kanino mo maibabahagi ang pag-asa na mayroon tayo kay Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa pag-asa na mayroon tayo kay Cristo, sa gitna ng mga kaguluhan sa mundo. Pasalamatan Siya para sa plano Niyang iligtas at ibalik ang mga nilikha sa dati kapag nagbalik na si Jesus.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang maging tapat sa pagsunod mo sa Kanya at bigyan ka ng kakayahang tularan si Cristo habang hinihintay mo ang pagbabalik ni Jesus. Isuko sa Kanya ang mga bahagi at kaisipang mahirap para sa iyo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon para maipahayag ang ebanghelyo sa iba. Humingi sa Diyos ng mga tamang salita habang ibinabahagi mo ang iyong pag-asa kay Cristo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani, Pastor Manny Muleta, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.